THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 LIVELIHOOD ASSISTANCE PROGRAM FOR MAHAL NA PANGALAN AHON ASSOCIATIION

VOLUME 3 No. 07 Dec. 25, 2023 - Dec. 31, 2023

# 100 ESTUDYANTE SA LUNGSOD NG CALAPAN, NAKATANGGAP NG SUPORTANG PINANSYAL MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN

BUKOD sa Bridge to the Future Scholarship Program, at EduFAP (Educational Financial Assistance Program) ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, isinusulong din ni City Mayor Marilou Flores-Morilllo na magkaroon pa ng expanded Educational Assistance Program, para makapag-abot ng suportang tulong pinansyal para sa Edukasyon ng mga kabataang Calapeño.

Kaya naman noong ika-29 ng Disyembre, Isandaang (100) Calapeñong mag-aaral na benepisyaryo ng Educational Assistance Program na pumapasok sa iba't ibang paaralan sa loob at labas ng Lungsod ng Calapan ang napagkalooban ng P5,000.00 ng Pamahalaang Lungsod.

Hangad ng butihing Ina ng Lungsod na ang tulong na ipinagkakaloob ng Lokal na Pamahalaan para sa kanila ay magsilbing motibasyon para sila ay makapagtapos ng pag-aaral, kaya naman hinihikayat niya ang mga ito na suklian ang mga tulong na ito ng pagkakaroon ng maganda at mataas na grado.

Samantala, pinasalamatan ng Punong Lungsod sina City Budget Officer, Ms. Lorieta A. Galicia, City Planning and Development Coordinator, EnP. Joselito R. Bautista, City Accountant, Mr. Edgardo C. Basilan, CPA, City Treasurer, Mr. Nicasio D. Catapang, at City Education Officer, Ms. Myriam Lorraine D. Olalia, na naging katuwang niya para maisakatuparan ang programang ito.

Ang naturang distribusyon ng financial assistance ay pinangasiwaan sa pangunguna nina Ms. Pinky S. Gahol (Special Assistant on Multi Sectoral Concerns, Office of the City Mayor) at Ms. Paz Gutierrez (KALAPENYA Coordinator), gayundin ng iba pang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).








THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Personal na kinadaupang palad ni Gobernador Bonz Dolor ang mga Public Schools District Supervisor (PSDS) sa lalawigan upang ipagkaloob sa mga ito ang bagong laptop at printer kahapon, Disyembre 21.

Taos-puso ang ipinaabot na pasasalamat ng mga PSDS kay Gob. Bonz sa natanggap ng mga ito na biyaya mula sa punong lalawigan na anila ay malaking katulungan sa pagpapabuti ng kanilang trabaho.

Kasabay nito, natanggap na rin ng mga PSDS ang kanilang monetary incentive mula sa Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng isinulong ng Sangguniang Panlalawigan na Provincial Ordinance No. 137-2022 na inaprubahan ni Gob. Bonz. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# LIVELIHOOD ASSISTANCE PROGRAM FOR MAHAL NA PANGALAN AHON ASSOCIATIION

DUMATING sa tanggapan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo sa City Hall noong ika-29 ng Disyembre ang mga kasapi ng Mahal na Pangalan AHON Association na benepisyaryo ng Livelihood Assistance Program ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan na pinangangasiwaan ng City Social Welfare and Development Department.

Ang programang 'AHON' o (Alternatibong Hanapbuhay at Oportunidad para sa Nangangailangan) ay isang livelihood program na sinimulan ng tanggapan ng CSWDD, kung saan ang programang ito ay sinasabing idinesenyo base sa "SEA-K (Self – Employment Assistance – kaunlaran) Program" ng DSWD sa ilalim ng Administrative Order No: 014 series 2010.

Ito ay nagbibigay ng paunang kapital sa anyo ng livelihood assistance for self-managed projects, para sa mga karapat-dapat na pamilya at iba pang mga nararapat na indibidwal, kung saan nasa kabuuang 15 na benepisyaryong mula sa Barangay Mahal na Pangalan ang matutulungan nito, at ang bawat isa sa kanila ay mabibigyan ng pagkakataon na mapagkalooban ng paunang kapital mula sa pondong P119,000.00 na inilaan para sa kanila (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# CCC TESTIMONIAL DINNER PARA SA MGA BAGON LISENSYADONG PROPESYUNAL, DINALUHAN NG MAYOR NG CALAPAN

PERSONAL NA DUMALO si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si College Administrator, Dr. Ronald F. Cantos sa idinaos na "CCC Testimonial Dinner 2023", na ginanap sa CCC Kalap Hall, noong ika-29 ng Disyembre. Ang makabuluhang pagtitipong ito ay isinagawa, bilang pagkilala para sa natatanging tagumpay na nakamit ng mga bagong lisensyadong propesyunal na nakapasa sa nakaraang 2023 Licensure Examination for Professional Teachers & Professional Librarians sa produkto ng City College of Calapan.

Dito ay nakasama at nakadaupang-palad ng butihing Ina ng Lungsod ang mga bagong lisensyadong propesyunal na guro at librarian, kasama ang kanilang mga magulang, gayundin ang mga nagsilbi nilang guro, kung saan naghandog siya ng taos-pusong pagbati para sa kanila.

Hangad ng Punong Lungsod na ang kanilang nakamit na tagumpay na nagsimula sa kanilang dalubhasaang institusyon ay pag-ugatan ng pagbabago, para sa ikauunlad ng mga kabataang Calapeño, gayundin ang pagtanaw ng pasasalamat, para sa kani-kanilang mga magulang (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).








THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 07 Dec. 25, 2023 - Dec. 31, 2023

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *DISTRIBUTION OF AID TO PUBLIC SCHOOL TEACHERS, MATAGUMPAY NA ISINAKATUPARAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN*



SA PAMUMUNO ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng pagtutulungan ng City Education Department at City Treasury Department, matagumpay na naisagawa ang "Distribution of Aid to Public School Teachers", bilang handog pasasalamat, para sa mga Public School Teachers ng Lungsod ng Calapan, ginanap sa Calapan City Hall, noong ika-28 ng Disyembre. Ayon sa mga kawani na namamahala rito, ang naturang distribusyon ay isinasagawa ng dalawang beses sa isang taon, tuwing buwan ng Hunyo at Disyembre, kaya naman sa kasalukuyang buwan, muling nakatanggap ang mga nasabing guro ng Lungsod ng Calapan ng nagkakahalagang P4,000.00 na naisakatuparan sa pamamagitan ng pondong inilaan ng Pamahalaang Lungsod na nagkakahalaga ng P11,500,000.00. Para sa mga benepisyaryong nakatanggap, lubos nilang ipinagpapasalamat ang pagkakaroon ng ganitong uri ng programa, dahil para sa kanila, malaking tulong ito bilang pangsuporta, para sa kanilang pamilya (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



